# Serbisyong may puso, tututukan ni QC Mayor Joy B

Prayoridad ni Quezon City Mayor Joy Belmonte na magkaroon ng serbisyong may puso sa ilalim ng kanyang pamunuan.

Ito ang sinabi ni Mayor Joy B makaraang manumpa bilang bagong alkalde ng lungsod sa harap ni Justice Estela Perlas-Bernabe sa Vertis North Quezon City. Binanggit niya na sa loob ng 100 araw na panunungkulan ay tututukan niya ang apat na pangunahing pangangailangan ng lungsod tulad ng pabahay, social services, edukasyon, at kalusugan.

"Kung umangat at umarangkada ang lungsod natin, sisiguruhin ko na walang maiiwan," pahayag ni Belmonte.

Aniya, sa housing ay tutulungan ang nasa 188,549 pamilya na mga informal settlers na magkaroon ng maayos na tirahan at mailayo ang mga ito sa panganib.

Itataas din ang burial assistance na mula P10,000 ay gagawing P25,000 at ang medical assistance ay gagawing P5,000 mula P3,000. Gagawin din aniyang 3 hanggang 5 araw lamang ang pagkakaloob ng financial assistance sa mga nasunugan mula sa dating 6 na buwan.

Sisimulan na ring itayo ang Bagbag National Integrated High School sa Novaliches kung saan magkakaloob ng libreng eye, medical at dental check up para sa mga estudyante. Magtatayo rin ng libreng TESDA Assessement Center para sa mga Senior HS Tech Voc Graduates at ilan pang skills training programs ng lungsod upang matulungan ang mga kabataan na matupad ang kanilang pangarap sa buhay.

Sa kalusugan aniya, gagawing doble ang doktor sa health centers upang matiyak na may isang doktor bawat health center at titiyaking ang mga LGU run hospital at health centers ay may naka-stock na mga gamot para sa mga constituents.

Bibigyan din aniya ng maintenance medicines ang mga senior citizen na may high blood o diabetes at libreng bakuna para sa flu at pulmonya.

Inihayag din ni Belmonte ang P19.9-bilyong pondo na iniwan sa general fund ng nagdaang administrasyon kung saan babayaran nito ang nasa P14.3-bilyong obligasyon ng lokal na pamahalaan at ang matitirang P5.6-bilyon ay titiyaking makocover nito ang mga pangangailangan ng lungsod para sa nalalabing anim na buwan ng taong 2019. *(Angie dela Cruz)*